REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

## KAPASIYAHAN BILANG 93-105

**KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN ANG PAGLALAAN NG LAANG-GUGULIN NA HALAGANG DALAWAMPU'T WALONG MILYONG PISO (P28,000,000.00) PARA SA PAGPAPAKONKRETO NG SEKSIYON NG PAMBANSANG LANSANGAN SA BARANGAY PUTATAN AT BARANGAY TUNASAN, MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA.**

************************************************************

Ipinanukala ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan

************************************************************

SAPAGKAT, ang Manila South Road, Putatan at Tunasan Sections ay isang pambansang lansangan (national road) at dahil dito ay nasa ilalim ng hurisdiksiyon ng Kagawaran ng mga Pagawain at Lansangang Bayan (DPWH);

SAPAGKAT, sa kasalukuyan ang pambansang lansangang ito ay nagsisilbing pangunahing lansangan na pinagsisilbihan ang malaking bahagi ng mamasahero (commuter) at trapiko-behikulo (vehicular traffic);

SAPAGKAT, ang lansangan sa kasalukuyan ay nasa mabigat na kalagayan ng pagkasira at ang kaagad na pangangailangan upang maisaayos ito upang maiwasan ang patuloy na paghihirap at inkumbinyente sa mga residente, mamasahero't motorista;

SAPAGKAT, ang tinatayang gastusin para sa pagpapakonkreto at drainage improvement ng nabanggit na lansangan ay:

| | | |
|---|---|---|
| 1. Putatan Section: | | |
| | Road | P 9,500,000.00 |
| | Drainage | 5,500,000.00 |
| | Sub-Total | P 15,000,000.00 |
| 2. Tunasan Section: | | 41,000,000.00 |
| TOTAL ESTIMATED COST | | P 56,000,000.00 |

**SAPAGKAT,** ang Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa ay nagkakaloob ng tulong sa DPWH upang mapabilis ang pagpapatupad at pagkayari ng nabanggit na mga proyekto;

**SAPAGKAT,** ang Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa ay pumasok sa isang kasunduan sa DPWH na ang kalahati o ang limampung bahagdan (50%) ng kabuuang halaga ng nasabing proyekto ay paluluwalan muna ng Pamahalaang Bayan na isasauli ng DPWH sa susunod na taon;

**NGAYON, DAHIL DITO,** pinagpasiyahan ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ang paglalaan ng laang-gugulin na halagang Dalawampu't Walong Milyong Piso (P28,000,000.00) para sa pagpapakonkreto ng seksiyon ng pambansang lansangan sa Barangay Putatan at Barangay Tunasan, Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

**PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA** ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang ika-58th regular na pulong na ginanap ngayong ika-04 ng Oktubre, 1993.

**PINATOTOHANAN:**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

**KGG. ROGER C. SMITH**
Konsehal

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
Konsehal

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
Konsehal

**KGG. DANTE S. ALMARIO**
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

(Absent)
KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L.MARTINEZ
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A.ABAS, JR.
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan